

Ika-15 ng Agosto, 2026 -- Sabado

Apokalipsis 11,19; 12,1--6.10; 1 Corinto 15,20--26; Lukas 1,39—56

Ang Pag-akyat sa Langit ng Mahal na Birheng Maria

Ang pananampalatayang gumagalaw sa pag-ibig ay tumutungo na sa kaluwalhatian.

PANIMULA

May isang tagapagbantay ng parola na nagsabi minsan na sa gitna ng malakas na bagyo, hindi siya nakatutok sa mga alon mismo, kundi sa pananatiling matatag ng liwanag. Alam niyang ang mga natatakot na marino ay hindi nangangailangan ng ingay o gulo; kailangan nila ng isang tapat na liwanag na makapag-gagabay sa kanila pauwi. Kadalasan, hindi niya nakikilala ang mga taong tinulungan niya. Ngunit naniniwala siyang mahalaga ang liwanag.

Ngayon, ipinagdiriwang ng Simbahan si Maria bilang liwanag na iyan ng pananampalataya. Sa kanyang Pag-akyat sa Langit, hindi lamang natin nakikita ang kaluwalhatian ni Maria, kundi ang kapalaran ng sangkatauhan kay Kristo. Ang kanyang buhay--- lihim, mapagpakumbaba, tapat, at mapagmahal--- ay naabot na ang katuparang ninanais ng Diyos para sa lahat ng kanyang bayan. Ang Panginoong bumuhay muli kay Kristo mula sa mga patay ay bumuhay rin kay Maria patungo sa kaluwalhatian ng makalangit.

Ipinapakita ng Ebanghelyo si Mariang paalis "nang nagmamadali" upang dalawin si Elisabet. Ang pananampalataya

sa kanya ay hindi nanatiling pribado. Dinala niya si Kristo sa buhay ng ibang tao, at kung saan dumating si Kristo, gumising ang kagalakan. Lumundag ang sanggol sa sinapupunan ni Elisabet, at napuno ng papuri ang bahay. Ang pananampalatayang gumagalaw sa pagmamahal ay nagsisimula nang makibahagi sa buhay ng langit.

Ngunit alam nating hindi laging matatag ang ating sariling pananampalataya. Minsan pinipili natin ang takot kaysa tiwala, ang sariling interes kaysa paglilingkod, at ang panghihina ng loob kaysa pag-asa. Kaya, habang naghahanda tayong ipagdiwang ang mga banal na mysteryong ito, hilingin natin sa Panginoon ang Kanyang awa at kagalingan.

HOMILIYA

May isang matandang babaeng namuhay minsan nang mag-isa sa isang tahimik na baybaying-dagat na nayon. Payak ang kanyang mga araw: ang tunog ng alon, ang pag-tiktik ng lumang orasan, at paminsan-minsang pagbisita ng mga kapitbahay. Isang hapon, may isang lalaking dumating upang pasiglahin siya, akala nya ay tiyak na mabigat ang pag-iisa sa kanya. Ngunit pagkatapos, inamin niya na ang isang hindi inaasahang bagay: "Pumunta ako upang siya ay pasiglahin, ngunit umuwi ako nang mas magaan ang aking pakiramdam."

Napakakaunti ang pag-aari niya--- tsaa lamang, lumang kuwento, at isang mapayapang presensya. Ngunit binago ng presensyang iyon ang kapaligiran sa kanyang paligid.

Malapit iyan sa nangyayari sa Ebanghelyo ngayon.

Pumunta si Maria "nang nagmamadali" upang dalawin si Elisabet. Sa unang tingin, mukhang ordinaryong pagbisita lamang ito ng pamilya. Ngunit sa ilalim ng simpleng paglalakbay

na iyon ay isa sa pinakamalaking misteryo sa Banal na Kasulatan: dinadala ng Diyos nang tahimik sa tahanan ng ibang tao.

At pansinin ang nangyari. Sa sandaling dumating si Maria, sumabog ang kagalakan. Napuno si Elisabet ng Espiritu Santo. Lumundag ang sanggol sa loob niya. Umapaw ang mga salita ng pagpapala. Wala siyang dinala na kayamanan, kapangyarihan, o pampublikong anunsiyo. Si Kristo lamang ang kanyang dinala. Ngunit binago ng lihim na presensya ni Kristo ang lahat.

May mga sandali sa buhay kung kailan mas mahalaga ang presensya kaysa sa mga salita. Minsan, kinukwento ng mga nag-aalaga ng maysakit ang tungkol sa mga pasyenteng tila walang malay o hindi tumutugon, ngunit tumutugon kapag pumasok sa kwarto ang isang mahal sa buhay. Dinidiinan ang kamay. Lumalambot ang mukha. Tumatatag ang tibok ng puso. Sinabi ng isang nag-aalaga ng maysakit, "Para bang nararamdaman ng kaluluwa na hindi na siya nag-iisa."

Taglay ng pagdalaw ni Maria ang eksaktong misteryong iyan. Ang hindi pa isinisilang na si Kristo ay nakatago sa kanyang sinapupunan, ngunit ang kanyang presensya ay nagdadala na ng buhay.

At iyan ang laging ginagawa ng tunay na pananampalataya. Ang pananampalataya ay hindi kailanman puro pribadong paniniwala lamang. Gumagalaw ang pananampalataya. Naglalakbay ang pananampalataya. Dinadala ng pananampalataya si Kristo sa iba.

Ipinagdiriwang ng Pag-akyat sa Langit ni Maria ang katuparan ng buhay-pananampalatayang iyan. Hindi lamang pinararangalan ng Simbahan si Maria dahil pinili siya minsan

noong unang panahon. Pinararangalan siya ng Simbahan dahil nanatili siyang tapat sa lahat ng dako: sa Nazaret, sa Betlehem, sa panahon ng pagkatapon, sa payak na mga taong lihim, sa Cana, at sa wakas sa paanan ng krus.

Ang kanyang kaluwalhatian ay hindi nagsimula sa langit. Nagsimula ito sa pang-araw-araw na tiwala.

May isang guro minsan na nagsabi sa mga estudyante na kadalasan, hindi nakikita ang kadakilaan habang nagaganap ito. Itinaas niya ang isang butil at itinanong, "Sino ang nakakakita sa punong-roble?" Sa simula, natawa ang mga estudyante dahil ang tanging nakikita nila ay isang maliit na buto. Ngunit nakatago sa loob nito ang isang bagay na malaki.

Mukhang maliit ang buhay ni Maria sa mata ng mundo. Isang batang babae ng nayon. Isang tahimik na ina. Walang hukbo. Walang kapangyarihang pampolitika. Walang kahalagahan sa publiko. Ngunit sa kanyang buhay ay bumubukas ang Kaharian ng Diyos.

At ngayon, ipinapakita ng Pag-akyat sa Langit kung ano ang nakita ng Diyos sa simula pa lamang.

Nagbibigay ang Aklat ng Pahayag ng dramatikong larawan ng babaeng nadaramtan ng araw, na sinasalungat ng malaking bakunawa. Ipinapaalala nito sa atin na palaging sinasalungat ang kabutihan. Hindi kailanman naisasabuhay ang pananampalataya nang walang pakikibaka.

Minsan, inaakala nating ang mga banal na tao ay hindi naaabot ng away o takot. Ngunit alam ni Maria ang kawalang-katiyakan. Alam niya ang hindi pagkaunawaan. Alam niya ang paghihirap. Binalaan siya ni Simeon na tutusukin ng espada ang kanyang

puso. Napanood niyang tinanggihan at ipinako sa krus ang kanyang Anak.

Ngunit hindi nagwagi ang kasamaan.

May isang kuwento mula sa Europa noong digmaan tungkol sa isang pamilyang napilitang mamuhay sa gitna ng gabi-gabing walang ilaw. Kailangang mawala ang lahat ng nakikitang ilaw dahil naghahanap ng gustong puntirya sa lupa ang mga sasakyang panghimpapawid ng kalaban. Ngunit isang ina ang lihim na nagpanatili ng maliit na kandilang nagliliyab sa likod ng makapal na kurtina dahil natatakot sa dilim ang kanyang bagong-silang na anak. Sinabi ng isang kapitbahay, "Hindi mo makikita ang liwanag mula sa labas, ngunit alam mong naroon ito dahil parang naiiba ang buong bahay."

Ang lihim na liwanag na iyan ay isang magandang larawan ni Maria. Dinadala niya si Kristo nang tahimik, ngunit saanman siya magpunta, nagbabago ang kapaligiran.

Tinatawag ang Simbahan na maging ganoon din. Hindi maingay na paghahari. Hindi palabas. Kundi lihim na katapatang nagdadala kay Kristo sa mga tahanan, ospital, paaralan, lugar ng trabaho, at mga sugatang puso.

Minsan, iniisip ng mga Kristiyano na kaunti lamang ang naisasakatuparan nila dahil mukhang ordinaryo lang ang kanilang mga gawa: pagdalaw sa isang nalulungkot, palaging pananalangin, pag-aalaga sa mga bata, tahimik na pagpapatawad, pananatiling matapat sa kahirapan, pag-upo sa tabi ng maysakit, pagpapalakas ng loob sa isang panghihinaan ng loob.

Ngunit ipinaaalala sa atin ng Ebanghelyo na ang mga lihim na gawa ng pagmamahal ay may dalang walang-hanggang kahalagahan.

May isang doktor minsan na naglarawan ng gulo sa isang ospital matapos ang isang nakakatakot na aksidente. Umaalarma ang mga makina. Nagmamadaling gumagalaw ang mga kawani sa pagitan ng mga pasyente. Puno ng takot ang kwarto. Ngunit sa gitna ng kaguluhan, isang mataas na tungkuling tagapag-alaga ng maysakit ang kumilos nang mahinahon mula sa isang higaan patungo sa isa pa, nagsasalita nang malumanay, nagbibigay-katiyakan. Sinabi ng doktor pagkatapos, "Hindi niya inalis ang kaguluhan, ngunit dinala niya ang kapayapaang hindi masisira ng kaguluhan."

Iyan ang kapayapaang nakikita natin kay Maria.

Sinasabi sa atin ng Pag-akyat sa Langit na ang kapalaran ng sangkatauhan ay hindi pagkasira, kundi kaluwalhatian. Totoo ang kamatayan, ngunit hindi ito ang katapusan. Sinabi ni Pablo na si Kristo ang "unang bunga" ng mga namatay na. Ang Pag-akyat sa Langit ni Maria ay nagiging unang bulaklak ng ninanais ng Diyos para sa lahat ng nabibilang kay Kristo.

At napakahalaga nito sa isang mundong kadalasang kinikilala ng takot at pagkapagod. Maraming tao ngayon ang may dalang lihim na pasanin: dalamhati, pagkabalisa, kawalang-katiyakan tungkol sa hinaharap, kalungkutan, pagkabigo, takot sa pagtanda, takot sa kamatayan mismo.

Direktang tumutugon ang Pag-akyat sa Langit sa mga takot na iyon. Ipinapahayag nitong ang buhay ng tao na inilagak sa Diyos ay hindi kailanman mawawala.

May isang gabay sa bundok na minsang nagpatnubay sa mga manlalakbay sa isang matinding bagyo ng niyebe. Ganap na nawala ang malinaw na paningin. Natakot ang grupo dahil hindi na nila makita ang patutunguhan. Naglakad lamang sa harapan ang gabay, iniwan ang mga bakas ng paa sa niyebe. Kalaunan, sinabi niya sa kanila, "Hindi ninyo kailangang makita ang buong paglalakbay. Kailangan lamang ninyong ilagay ang inyong mga paa kung saan ako naglakad."

Ganyan si Maria para sa Simbahan. Naglalakad siya sa unahan bilang tanda ng pag-asa. At si Kristo mismo ang tunay na gabay na nauna sa kanya, ang siyang dumaan sa kamatayan patungo sa buhay na walang hanggan.

Kaya, ang kapistahan ng Pag-akyat sa Langit ay hindi lamang tungkol kay Maria. Ito ay tungkol sa ating hinaharap. Ito ay tungkol sa kahulugan ng pagiging alagad ngayon. Ang pananampalatayang gumagalaw sa pag-ibig ay tumutungo na sa kaluwalhatian.

Bawat kilos ng tiwala, bawat tahimik na sakripisyo, bawat tapat na "oo" sa Diyos, bawat lihim na gawa ng awa ay kabilang na sa kawalang-hanggan.

Tulad ni Maria, tinatawag tayong dalhin si Kristo sa mundo. At saanman dinadala si Kristo nang may pagmamahal, muling nagsisimulang lumundag ang buhay. Amen.

Translated by William Valdrez, Jr., Perth